# Kasamaan at ang kapangyarihan ng Tagapagligtas

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Mag-isip ng ilang halimbawa ng kasamaan sa mundo at kung paano ito nakakaapekto sa atin.

- Kung kinakailangan mong mag-isip ng isang bagay na kakatawan sa kasamaan ng mundo, ano ito? Bakit?

- Kung kinakailangan mong mag-isip ng isang mapitagang simbolo o titulo na kakatawan sa Tagapagligtas at kung paano Niya tayo matutulungang madaig ang kasamaang ito, ano ito? Bakit?

Hatiin sa dalawa ang isang pahina ng iyong journal. Basahin ang Apocalipsis 17:3–7 at 14, at ilarawan sa isipan ang mga simbolong ginamit ni Juan sa mga talatang ito. Sa isang kalahati ng isang pahina ng iyong journal, isulat ang mahahalagang salita o parirala na ginamit upang ilarawan ang kasamaan. Sa isa pang kalahati, isulat ang mga simbolo na kumakatawan kay Jesucristo at sa mabubuti. Ang mga sumusunod na salita ay maaaring makatulong:

Pakikiapid (Apocalipsis 17:4): mga kilos o gawaing imoral. Maaari din itong maging “sagisag ng lubusang pagtalikod sa katotohanan” (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pakikiapid,” scriptures.ChurchofJesusChrist.org)

Babilonia (Apocalipsis 17:5): ang pangalan ng isang lungsod na kilala dahil sa kasamaan nito, na ginagamit bilang simbolo ng kasamaan at kamunduhan

Mahalay na babae (Apocalipsis 17:5): isang taong gumagawa ng mga seksuwal na imoralidad para sa pera o kalakalan

Nanggilalas (Apocalipsis 17:6): nagtaka, namangha

- Ano ang natutuhan mo mula sa mga simbolong nabasa mo?

- Ano ang naunawaan mo tungkol kay Jesucristo dahil sa mga titulo Niya sa talata 14?

- Ano ang nalalaman mo tungkol sa paraan ng pagdaig ng Kordero, o ni Jesucristo, sa lahat ng kasamaan? (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan,“Kordero ng Diyos,” scriptures.ChurchofJesusChrist.org.) Ano ang kahulugan nito sa iyo?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *New Testament Doctrinal Mastery: Assessment 2—Study Guide.*
Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.